



PAGWAWAKAS NG PRAYER MEETING SA PAGDIRIWANG


Review: Natapos na natin ang 26 na linggo. Ito nga ang huling aralin ngunit simula ngayon dapat na maging pangunahing layunin ng ating buhay panalangin ay ang paglakad kasama ang Diyos. Siya lamang ang hahanapin natin upang makilala at gawin ang Kanyang kalooban. Ano ang isang bagay na natutunan mo noong nakaraang linggo patungkol sa kung paano ginagabayan ng Banal na Espiritu ang ating pagtitipon sa panalangin?



Focus on God

1. Hinihikayat tayo ng Bibliya na magkaroon ng saloobin na nagdiriwang. In the Psalms alone the word rejoice occurs in 46 verses, the word glad in 22 verses, and the word joy in 20 verses, delight in 19 verses, and the other words rejoices, rejoicing, joyful, gladness, and celebrate account for 30 more verses. 
2. Ang pagdiriwang ay galing sa kagalakan sa pagiging Diyos ng Diyos at sa mga bagay na patungkol sa Diyos, hindi dahil lamang sa mga magaganda o kasiya-siyang mga pangyayari sa buhay.
3. Halimbawa, basahin ang Psalms 70:4 at 71:23. Ano ang dahilan ni David at ng mang-aawit kung bakit sila nagagalak? Pagkatapos sagutin ang tanong na ito, basahin natin ang kabuuan ng dalawang awit (Psalms 70-71). Ano ang mga pangyayari sa buhay nila? Ang aklat ni Habakkuk ay tala ng kanyang panalangin sa Diyos at ng sagot ng Diyos dito. Pagkatapos niyang makatanggap ng sagot galing sa Diyos, ano ang kanyang ipinangakong pamumuhay sa 3:17-19?
4. Nararapat lamang na magtapos ang panalangin sa diwa ng pagdiriwang sa presensiya o pagsama ng Diyos. Ang pagtutuon ng isip sa Diyos, ang pakikipag-ugnay sa Kanyang presensiya, ang pag-alaala sa pribilehiyo na mayroon tayo sa relasyon natin sa kanya, ang pagpapanibago ng damdamin upang talikuran ang sarili at hangarin ang pagdating ng Kanyang kaharian, at ang paglalagak ng ating alalahanin sa Kanya ay kadalasang nagdudulot ng kagalakan. Ang kabuuan ng oras sa panalangin ay magresulta ng kagalakang nasa Diyos. Nararapat lang na tapusin ang prayer time sa paraang nagpapakita ng kagalakang ito. Maaaring umawit, o hilingin ang isa na magwakas sa panalangin ng pasasalamat, magkaroon ng oras ng pasasalamat sa maliit na grupo, pumalakpak, o sabay-sabay na bigkasin ang kabutihan ng Diyos.

Responding to God: Sa paghahanda sa panalangin, isipin ang mga dahilan ng iyong pasasalamat.

1. Ano ang ginawa na ng Diyos para sa iyong espirituwal na buhay? _____ 
2. Ano ang ginawa para sa iyo ng Diyos o sa isa sa mga mahal mo sa buhay nitong mga nakaraang araw? _____
3. Sa iyong small group, magpasalamat sa Diyos at banggitin ang mga naisulat mo.
4. Nakahanda ka bang talikuran ang sarili mo upang hanapin ang kalooban ng Diyos? Nitong mga nakaraang araw, naging mas malinaw ba sa iyo kung anong “external assignment” ang nais niyang ibigay sa iyo? Mayroon bang isang tao na nais ng Diyos na gamitin ka upang siya’y matulungan sa kanyang espirituwal na buhay?

Kingdom Prayer List

1. Paglagong espirituwal ng bawat isa
2. Ang iyong “external assignment”
3. Mga pangangailangan sa iglesia
4. Revival sa mga miyembro ng iglesia
5. Mga pagkakataong maibahagi ang ebanghelyo sa iba



Present Your Requests: Manalangin sa inyong grupo para sa mga personal na kahilingan.

Close in Celebration: Umawit ng isang kanta ng pasasalamat o pagdiriwang (God is So Good).

¹ Franklin, John, *Dynamic Prayer Meeting Study Guide*, ©2005 LifeWay Christian Resources, Translated to Filipino by Derick Parfan (Available at http://www.lifeway.com/lwc/files/lwcF_PDF_PrayerMeetingGuide_Franklin.pdf).